

## Useful resources



**End Child Sexual Abuse Foundation**  
Hugline: 2889 9933  
Website: [www.ecsaf.org.hk](http://www.ecsaf.org.hk)  
Facebook: [www.facebook.com/ecsafhk](http://www.facebook.com/ecsafhk)



**Against Child Abuse**  
Parent-Child Support Line: 2755 1122  
Website: [www.aca.org.hk](http://www.aca.org.hk)



**RainLily**  
RainLily Hotline: 2375 5322  
Email Support: [safechat@rainlily.org.hk](mailto:safechat@rainlily.org.hk)  
Website: [rainlily.org.hk](http://rainlily.org.hk)



**The Family Planning Association of Hong Kong**  
Service Hotline: 2572 2222  
Website: [www.famplan.org.hk](http://www.famplan.org.hk)



**TWGH CEASE Crisis Centre**  
24 Hour Hotline: 18281  
Website: [ceasecrisis.tungwahcsd.org](http://ceasecrisis.tungwahcsd.org)



**Caritas Family Crisis Support Centre**  
24 Hour Crisis Line: 18288  
Website: [fcsc.caritas.org.hk](http://fcsc.caritas.org.hk)



**Equal Opportunities Commission**  
(for sexual harassment complaint)  
Tel: 2511 8211  
Website: [www.eoc.org.hk](http://www.eoc.org.hk)



**Social Welfare Department**  
Hotline: 2343 2255  
Website: [www.swd.gov.hk](http://www.swd.gov.hk)

## Alam mo ba kung gaano kasakit? Ang mga biktima ng Seksuwal na Pang-aabuso ay maaaring:

### Epektong Pisikal:

- sumama ang pakiramdam nang walang dahilan
- matakot sa pisikal na kontak
- hindi makatulog o makaranas ng bangungot
- dumanas ng bulimia o anorexia
- maging palaasa o malulong sa alak at droga



### Epektong Sikolohikal:

- mawalan ng tiwala sa sarili at sa iba
- mababa ang tingin sa sarili
- makaramdam ng pagkakasala, galit at hiya
- maaaring magpakamatay
- mabalisa at manerbiyos nang walang dahilan
- makaranas ng problema sa relasyong mag-asawa dahil sa mga damdamin ng pagkamuhi o takot sa pakikipagtalik



### Epekto sa Pag-uugali:

- magkaroon ng pabayang pananaw sa pakikipagtalik
- kumilos ng hindi normal o maging emosyonal
- maging seksuwal na nang-aabuso sa bata bilang isang nakatatanda



# Protektahan ang mga Bata mula sa Pinsala Lumaban sa Seksuwal na Pang-aabuso



**Impormasyon galing sa Pundasyon Upang Wakasan ang Seksuwal na Pang-aabuso sa Bata (End Child Sexual Abuse Foundation)**

Tel: 2889 9922 Fax: 2889 9923

Email: [info@ecsaf.org.hk](mailto:info@ecsaf.org.hk)

Website: [www.ecsaf.org.hk](http://www.ecsaf.org.hk)

Facebook: [www.facebook.com/ecsafhk](http://www.facebook.com/ecsafhk)



**Isinalin ng Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad (Equal Opportunities Commission)**

Website: [www.eoc.org.hk](http://www.eoc.org.hk)

## Seksuwal na Pang-aabuso sa Bata

Anumang mga seksuwal na aktibidad na nagsasangkot ng mga bata, tulad ng pamimilit sa pamamagitan ng pagyaya o pagbibigay sa kanya ng gantimpala, o pisikal na pang-aabuso sa bata sa pamamagitan ng mga banta, intimidasyon o karahasan.

## Pang-aabuso na may kontak

1. Puwersahang paghalik
2. Hindi marapat na paghawak o paghipo sa katawan ng bata
3. Paghawak sa suso at pribadong bahagi ng bata
4. Puwersahang oral sex, pakikipagtalik o paghawak ng mga pribadong bahagi sa pamamagitan ng pagyaya, pagbabanta, pagbibigay ng gantimpala o panunukso
5. Marahas o puwersahang pakikipagtalik, i.e. panggagahasa

## Pang-aabuso na walang kontak

1. Panonood ng pornograpiya kasama ang bata
2. Pakikipag-usap nang mahalay sa telepono sa bata
3. Paninilip sa bata sa banyo o habang nagpapalit ng damit
4. Pag-amin sa seksuwal na pagnanasa o gumawa ng seksuwal na pagsasamantala sa bata
5. pagpapakita sa bata ng mga seksuwal na akto
6. Bastos na pagpapakita ng bahagi ng katawan sa bata
7. Pagkuha ng larawang hubad ng bata

## Alamin ang mga Pribadong Bahagi



## Ang mga agarang na aksyon na dapat gawin ng bata kung tinangka ng isang tao na tingnan o hawakan ang kanilang mga pribadong bahagi:

1. Sumigaw ng “Huwag”!
2. Umalis sa lugar at pumunta sa ibang lugar na ligtas/may maraming tao.
3. Kausapin ang isang nakatatanda na pinagkakatiwalaan mo.
4. Kung hindi maniwala ang nakatatanda sa sinabi mo, kausapin ang isa pang nakatatanda hanggang sa paniwalaan ka.
5. Huwag itong itago. Kausapin ang isang tao upang makakuha ka ng tulong!
6. Tawagan ang Hugline sa **2889 9933** sa madaling panahon hangga’t maaari.



## Ang mga aksyon na dapat gawin ng isang nakatatanda kapag sinabi sa iyo ng bata na siya ay seksuwal na inabuso:

1. Makinig nang mabuti at ipakita sa kanya ang iyong pagtitiwala.
2. Manatiling kalmado.
3. Aliwin ang bata sa pamamagitan ng pagsasabi ng “Hindi mo ito kasalanan”.
4. Palakasin ang loob ng bata sa pamamagitan ng pagsasabi ng “Kausapin mo ako, narito ako upang tulungan ka”.
5. Matatag na sabihin sa bata na “Hindi ko ito papayagang maulit ito muli”.
6. Tawagan ang Hugline sa **2889 9933** sa madaling panahon hangga’t maaari.
7. Humingi ng tulong mula sa mga propesyonal o iulat sa pulis sa madaling panahon hangga’t maaari.



Ayon sa mga istatiska, sa mahigit kalahati ng mga kaso ng seksuwal na pang-aabuso sa bata, ang nag-abuso ay kilala ng biktima.

## Ang mga pinakakaraniwang lugar ng krimen ng seksuwal na pang-aabuso sa bata:

- Mga lugar kung saan nag-aaral ang biktima
- Tahanan ng mga biktima
- Tahanan ng mga kamag-anak/mga nakatatandang miyembro ng pamilya/mga tagapag-alaga
- Mga lugar na liblib

## Protektahan ang iyong anak

### Turuan ang iyong anak na:

- alamin ang kanyang mga pribadong bahagi (mga bahagi ng katawan na tinatakpan ng damit na paglangoy)
- magsabi ng “Huwag!” kaagad kapag tinangka ng isang tao na hawakan ang kanyang katawan, umalis sa lugar at pumunta sa ibang lugar na ligtas/may maraming tao, kausapin ang isang nakakatandang pinagkakatiwalaan niya



### Huwag hayaan ang iyong anak na:

- payagan ang iba na hawakan ang kanyang katawan ng basta-basta
- mag-isa kasama ang sinumang tao
- pumunta sa mga liblib na lugar ng mag-isa

## Respetuhin ang iyong anak

- Huwag hawakan ang kanyang mga pribadong bahagi ng basta-basta
- Huwag utusan siya na maghubo’t hubad ng basta-basta



Nilalayon ng Pundasyon Upang Wakasan ang Seksuwal na Pang-aabuso sa Bata (End Child Sexual Abuse Foundation) na protektahan ang mga tao na wala pang 18 taong gulang mula sa seksuwal na pang-aabuso. Kung may mga katanungan ka tungkol sa seksuwal na pang-aabuso sa bata, pwedeng tumawag sa aming Hugline sa 2889 9933.